

Mapaminsalang Dayong Espesye

Uri ng hayop na dapat bantayan upang maiwasan ang pagpasok sa mga isla

Bukbok

Rhynchophorus ferrugineus

Katutubo sa Timog Asya. Ito ay nagdudulot na malubhang pinsala sa mga puno ng niyog at palmera. Lumalaganap sa pamamagitan ng transportasyon ng mga kontaminadong uri ng kahoy na may itlog ng bukbok.



Uwak *Corvus splendens*

Katutubo sa Timog Asya, kinakain nito ang mga maliit na reptilya at hayop. Nakakapasok sa iba't ibang bahagi ng mundo sa pamamagitan ng pag-angkas sa iba't-ibang uri ng transportasyon.



Surot *Cimex hemipterus*

Matatagpuan sa iba't-ibang panig ng tropikal na rehiyon ng mundo. Maaari itong magdulot ng mga sakit sa balat at pangangati. Lumalaganap ito sa pamamagitan ng mga bagahe o damit ng tao at maruruming higuan.



Langgam

Wasmannia auropunctata

Ay katutubo sa Timog at Gitnang Amerika. Maaari itong magdulot sa tao ng masasakit na kagat, inaatake nito ang mga bagong pisang itlog at nasa hustong gulang na pagong at pawikan; nakakapagpababa rin ito ng dami ng insekto.



Dagang Bahay o Bubuwit

Mus musculus

Katutubo sa India ngunit matatagpuan sa iba't-ibang panig ng mundo. Kaya nitong magbigay pinsala sa mga ibong-dagat na natatagpuan sa mga isla at magdala ng sakit na nakakahawa sa tao.



Ahas Puno *Boiga irregularis*

Katutubo sa Silangan at Hilagang Australya. Karaniwang naninirahan sa mga punong-kahoy. Kumakain ng mga katutubong uri ng ibon o itlog nito. Nakakapasok sa mga isla sa pamamagitan ng mga kargamento.

Berdeng Tahong ng Asya *Perna viridis*

Katutubo sa Asya-Pacifico, ngunit matatagpuan din sa mga katubigang tropical sa buong mundo. Maaari nitong mapinsala ang mga istrukturang nakalubog sa tubigan o karagatan gaya ng tubo ng patubig, o lagusan ng tubig. Nakakapaglakbay sa pamamagitan ng pagdikit sa katawan ng barko at o pagsama sa balastong tubig ng barko.



Ilustrasyon
© Chris Shields

Mapaminsalang Dayong Espesye

Uri ng hayop na dapat bantayan upang maiwasan ang pagpasok sa mga isla

Gabay tungkol sa pitong uri ng mapaminsalang hayop na maaaring magdulot ng problema sa maliliit na isla na tulad ng mga isla sa archipelago ng Chagos at Hawaii.

- Ang mga hindi katutubong uri ng organismo ay maaring makapasok sa iba't-ibang dako ng mundo sa pamamagitan ng gawain ng tao.
- Ang mga hindi katutubong uri ng hayop ay maaaring makapasok sa isang lugar sa pamamagitan ng sadyang pagpapakawala o pag-aangkat, aksidenteng pagtakas mula sa pangangalaga, at bilang kontaminasyon o lagalag. Ang iba naman ay nakakapasok sa pamamagitan ng mga angkat na halaman o gulay, samantalang ang iba naman ay maaring aksidenteng nakakapasok o nadadala sa mga kargamento ng angkat na materyales gaya ng "brown-tree snake" sa Guam.
- Ang mga mapaminsalang uri ng hayop na hindi katutubo sa isang lugar ar maaaring magkaroon ng hindi magandang epekto sa natural na kapaligiran, maging sa kalusugan ng tao at ekonomiya.
- And dayong uri ay kilala din sa tawag na mapaminsalang di-katutubong uri.
- Ang tinatantiyang halaga ng mga pinsalang dala ng mga mapanirang uri ng hayop ay umaabot sa bilyong dolyares ayon sa iba't ibang gobyerno sa buong mundo.
- Ang mga mapaminsalang uri ng hayop ay isa sa mga pinakamalaking banta sa natural na kapaligiran kalakip ng pagbabago ng klima, pagkasira at fragmentasyon ng natural na tirahan ng mga sari-saring uri ng may buhay sa mundo.
- May mga simpleng pamamaraan upang maiwasan ang pagpasok ng mga mapaminsalang uri ng hayop o sakit na hindi katutubo sa isang lugar tulad ng paglinis ng mga sapatos bago maglakbay, masusing pagsiguro na ang dala-dalang bagahe ay walang insekto o buto ng halaman. Maaari niyong makita ang iba pang payo ukol sa biyolohikal na seguridad sa www.nonnativespecies.org.

Kung mayroon kayo'ng makita na mga uring ganito maaari niyo itong ipagbigay alam sa inyong lokal na Tagapangasiwa ng Kapaligiran. Maaari din kayo'ng magbigay ng litrato, lokasyon at petsa. Para sa marami pang impormasyon hinggil sa mga mapaminsalang hindi katutubong uri ng hayop, bisitahin lang ang: www.nonnativespecies.org.



Maraming Salamat sa tulong pinansiyal ng Defra Darwin Plus para sa DPLUS151 na isang proyekto ng pananaliksik sa British Indian Ocean Territory.

Ang proyektong ito ay sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa isang internasyonal na pangkat ng mga eksperto sa ekolohiya at pakikipag-ugnayan sa:



FSC Produced by FSC Publications
www.field-studies-council.org

